INTERNATIONAL NAPASA (September, 10th 2024)

## 1)PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa 22 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106).**

## 2)IMPORMASYON SA PAGSISIMULA NG CASHLESS NA EKONOMIYA SA PASILIDAD

平塚市の施設でのキャッシュレス決済開始のお知らせ

Mula sa September 3 (Tuesday) ay maaari nang gamitin ang pagbabayad ng Electronic money sa Heated Swimming Pool at Training Room sa General Gymnasium ng Hiratsuka City. Para sa mga detalye ay makikita sa ***HOME PAGE*** ng Hiratsuka City. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***SOGO KOUEN MANAGEMENT OFFICE (SOGO KOUEN KANRI JIMUSHO)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-35-2233 ( 0463-35-2233).**

## 3)INPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMANYAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa September 18 (Wednesday) ay magkakaroon ng free ***CONCERT*** sa ***HACHIMANYAMA NO YOUKAN***. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng Flute at Piano Concert na may title na " Sho Aki no Kaze ni yosete" at mula 2:00 hanggang 3:00 ng hapon ay ang Baritone at Piano Concert at Classic Musical Concert na may pamagat na "Kokoro no mama ni". Para sa detalyadong programa at mga performer ay makikita sa **Home Page** ng Hiratsuka City. Makakapasok ang hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga mga katanungan ay maaaring makipag-ugnayan sa Telephone No. **0463-35-7114 (0463-35-7114).**

## 4) UKOL SA PAGHAHANAP NG MGA LALAHOK PARA SA CULTURAL FESTIVAL

平塚市の文化祭への 出品者 の募集のお知らせ

Ang Hiratsuka City ay naghahanap ng mga lalahok sa CULTURAL EXHIBITION sa October. Ang mga nakapaloob dito ay ang mga ① Calligraphy ② Painting and Sculpture ③ 3 Kategorya ng mga Larawan. Ang paglahok ay nagkakahalaga ng **¥ 1000**. Para sa mas detalyadong impormasyon para sa mga pangangailangan sa paglahok ay tumawag sa

***SOCIAL EDUCATION DIVISION*** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-35-81-23 (0463-35-8123)**.

## 5) UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG SEPTEYEMBRE

9月(がつ)から始(はじ)まるスポーツ教室(きょうしつ)のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba’t-ibang ***SPORTS LESSON*** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay ***UNDERWATER EXERCISES, YOGA, STRECTH EXERCISES, TENNIS*** at iba pa***.***

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)*** ng Hiratsuka City. Para sa iba pang mga katanungan ay maaaring tumawag sa ***TOWN PLANNING FOUNDATION ( MACHI ZUKURI ZAIDAN ),*** Telephone No. **0463-35-0102 ( 0463-35-0102 ).** Ang huling araw ng pag-aapply ay sa September 13 (Friday). Maaari ring mag-apply sa Home Page ng nasabing foundation.